# IKA-APAT NA BUWANANG PAGSUSULIT

School Year 2021-2022

**Pangalan:** ______________________________________________ **Score:** ____________

**Guro:** **Neslyn D.B Perez** **Grade 4 -** ___________

**I. Punan ang patlang ng uri ng pangungusap. Gamitin ang mga sumusunod na titik: PS (pasalaysay), PT (patanong), PD (padamdam), PU (pautos), at PK (pakiusap).**

____ 1. Dito tayo sasakay ng dyip.

____ 2. Dadaan po ba kayo sa palengke?

____ 3. Hoy, bawal sumingit sa pila!

____ 4. Mahaba pala ang pila tuwing umaga.

____ 5. Pakitulungan ang matanda sa pagsakay.

____ 6. May bakanteng upuan pa ba?

____ 7. Huwag kang sumabit sa dyip.

____ 8. Walong piso ang pasahe.

____ 9. Pakiabot po ang bayad ko.

____ 10. Kunin mo ang sukli.

____ 11. May bababa ba sa highway?

____ 12. Pakibaba po kami sa palengke.

____ 13. Para po!

____ 14. Naku, bawal tumigil ang dyip diyan!

____ 15. Sundin mo ang mga batas trapiko.

LIVEWORKSHEETS

____ 16. Pakisabi po sa akin kung may nakita kayong pugad.

____ 17. Ipasok mo muna ang sisiw sa loob ng bahay.

____ 18. Umaambon na po ba?

____ 19. Ay, mababasa ang mga sampay ko!

____ 20. Bilis, pumasok na tayo sa loob!

**II. Punan ng titik P sa patlang kung ang kayarian ng pangungusap ay payak, T kung ito ay tambalan, at H kung ito ay hugnayan.**

___________21. Ang pangulo ay umakyat sa entablado at nagbigay ng talumpati.

___________22. Mamamasyal kami sa plaza pagkatapos namin magsimba.

___________23. Malalaki ang mga silid-tulugan at malinis ang malaking bakuran.

___________24. Pumasok ang mga bata nang marinig nila ang tunog ng kampanilya.

___________25. Ang blusa ay maganda ngunit hindi ito kasya sa akin.

___________26. Kung wala akong kasama, hindi ako papayagan na umalis ng bahay.

___________27. Nahuli sa klase si Tom dahil hinatid pa niya ang kanyang kapatid.

___________28. Kumakain ng almusal si Kuya Noel at nagbibihis si Ate Sonia sa kuwarto.

___________29. Nagpatahi ng bagong uniporme si Natalie sa kanyang tita na modista.

___________30. Alamin natin ang mga karapatan ng bawat batang Filipino.

___________31. Papaliguan namin ang aso o didiligan namin ang mga halaman.

___________32. Pinapakain ni Aling Puring ang inahing manok at ang mga sisiw.

___________33. Ako ang susundo sa iyo kapag may pupuntahan si Nanay.

LIVEWORKSHEETS

____________34. Nahuli ng mga pulis ang lalaki na napaghinalaang nagnakaw ng mga alahas.

____________35. Unti-unting nauubos ang mga puno at nawawalan ng mga tirahan ang mga hayop.

____________36. Hindi tayo makakaalis habang malakas pa ang buhos ng ulan.

____________37. Mahilig mag-alaga ng iba't ibang hayop ang kapatid ko.

____________38. Dahil masipag at desidido siya, nakatayo siya ng sarili niyang negosyo.

____________39. Umalis ako sa bahay nang maaga subalit wala akong masakyan na dyip.

____________40. Kapayapaan at kaayusan ay nais ng mga mamamayan sa Mindanao.

LIVEWORKSHEETS